

- Pasalamatan ang Diyos sa bago Niyang inihayag na pamantayan sa pamamagitan ni Jesu-Cristo. Pasalamatan Siya sa Kanyang awa at kabutihan sa buhay mo. Hingin sa Banal na Espiritu na puspusin ka, at iayon ang puso mo sa Salita ng Diyos.
- Ipanalangin na sumunod ka sa pamantayan ni Jesus ng pagiging busilak sa isip at sa gawa. Hingin sa Diyos ang kakayahan na magawa ito, maging ang lakas ng loob na managot sa isat' isa.
- Ipanalangin na ang iyong matapat na pagsunod sa pamatayan ng Diyos ay magdadala ng mga pagkakataon upang maipangaral ang ebanghelyo sa iyong kapamilya, mga kaibigan, at ibang tao.

NOTES

WARM-UP

- Ilarawan ang isang katangian na hinahangaan mo sa iba. Bakit naging kahanga-hanga ang katangiang ito para sa iyo?
- Ano ang isang panuntunan sa eskwelahan na nahirapan kang sundin? Bakit ka nahirapan dito?
- Magbanggit ng mag-asawa na iyong tinitingala. Bakit mo sila tinitingala? Ilarawan ang isang sitwasyon na nagpapakita nito.

WORD

²⁷"Narinig ninyo na sinabi noong una, 'Huwag kang mangangalunya. ²⁸Ngunit sinasabi ko sa inyo na ang tumingin lang sa isang babae nang may masamang pagnanasa ay nagkasala na ng pangangalunya sa kanyang isip." **MATEO 5:27,28**

(Basahin din ang **MATEO 5:29-32.**)

Ang kultura natin ngayon ay nagtangkang gawing magaan ang konsepto ng pangangalunya, at sa pakikipagtalik na ito ay kadalasang ginagamit upang kumuha ng pansin ng mga tao o kaya ay palakasin ang tiwala nila sa kanilang sarili. Gayon pa man, kakaiba ang pananaw ni Jesus tungkol dito at kakaiba sa atin na dapat nating maunawaan - maging sa mga tagapagturo ng Kautusan ng Kanyang panahon. Sa araling ito, matutunan natin kung paanong ginawa ni Jesus na ibalik muli ang tunay na kahulugan ang Kasulatan, lalo na ang tungkol sa pangangalunya, masidhing pagnanasa, at paghihiwalayan ng mag-asawa.

1 Ang Bagong Pamantayan

“Ngunit sinasabi ko sa inyo na ang tumingin lang sa isang babae nang may masamang pagnanasa ay nagkasala na ng pangangalunya sa kanyang isip.” **MATEO 5:28**

(Basahin din ang **MATEO 5:31,32.**)

Binigyang diin ng mga guro ng Kautusan na hangga't hindi ginagawa ang aktuwal na pangangalunya, hindi sila nagkakasala. Subalit, itinaas ni Jesus ang pamantayan. Maging ang masidhing pagnanasa sa kapwa ay isang kasalanan. Ito rin ay may kinalaman sa paghihiwalayan ng mag-asawa. Sinabi ni Jesus na kung ang lalaki o babae ay makikipaghiwalay sa kanilang asawa sa anumang dahilan maliban sa sekswal na imoralidad, sila rin ay nangangalunya.

Binigyan ni Jesus ng bagong kahulugan ang pamantayan sa pangangalunya at pakikipaghiwalay sa asawa dahil pinapahalagahan ng Diyos ang pagkasagrado ng pag-aasawa (Genesis 2:24). Sa huli, ang pagnanasa at pakikipaghiwalay sa asawa ay usapin ng puso, at may kaugnayan sa pag-uudyok o mga dahilan kung bakit natin ginagawa ang mga ginagawa natin. Bilang mga taga-sunod Niya, hindi tayo dapat maki-ayon sa sinasabi ng kultura natin, o kaya ay magpadala sa hinahangad ng ating mga puso. Ang bawat isa sa atin ay dapat na maging maingat sa mga puso natin, upang maparangalan natin ang Diyos sa ating mga buhay. Paano nabago ang pamantayan mo ng moralidad ngayong ikaw ay kay Cristo na?

2 Ang Radikal na Tugon

²⁹“Kaya kung ang kanang mata mo ang dahilan ng iyong pagkakasala, dukitin mo ito at itapon! Mas mabuti pang mawalan ka ng isang parte ng iyong katawan kaysa sa buo ang katawan mo pero itatapon ka naman sa impyerno.” **MATEO 5:29**

(Basahin din ang **MATEO 5:30.**)

Hindi literal ang sinabi ni Jesus sa Kanyang mga disipulo na putulin ang bahagi ng kanilang katawan nang hindi sila magkasala. Sa halip, idinidiin Niya ang kahalagahan ng paggawa ng mahigpit na mga hakbang upang mapanatili ang kalinisan ng isang tao at manatiling tapat sa asawa. Ang tugon natin sa pamantayan ni Jesus ay pag-unawa na ang mga alituntuning ito ay tungkol sa usapin ng ating puso. Habang lumalawak ang pagkaunawa natin sa bago Niyang pamantayan, nais ni Jesus na gumawa tayo ng mga hakbang upang malayo sa kasalanan. Paano tayo makakatangi sa kasalanan, maging sa mga panahong ito? (Tito 2:11,12)

APPLICATION

- Basahin ang Mga Salmo 51:10. Ano ang ibig sabihin ng pagkakaroon ng *busilak na puso*? Tukuyin ang isang hakbang na maaari mong gawin upang mamumuhay nang may busilak na puso simula ngayon.
- Nakikita ba sa buhay mo ang pamantayan ng Diyos sa pagka-busilak? Paano ka lalago sa relasyon mo kay Jesus, at paano mo maisasagawa ang mga sinabi Niya araw-araw?
- May mga bahagi ba ng buhay mo na mahina laban sa pagnanasa? Naniniwala ka bang mapagtatagumpayan mo ito sa pamamagitan ng pananampalataya, at handa ka bang humingi ng tulong mula sa isang tunay na kaibigan?